Mga Benepisyo ng Pagsali

katuwaan at mga kaibigan ~ mga kurukuro sa curriculum at pagkukunan ng impormasyon ~ makakilala ng ibang mga taga-alaga ~ impormasyon tungkol sa maagang edukasyon ~ pakikipag-uusap sa mga may sapat na edad ~ grupong tumatalakay at lumulutas ng mga suliranin ~

Para sa Karagdagang Impormasyon Mangyaring Makipag-ugnayan sa Milpitas Alliance for Better Child Care Staff Liaison

The City of Milpitas Child Care Coordinator
455 East Calaveras Boulevard
Milpitas, California 95035
(408) 586-3077
(408) 586-3069 fax
childcarer&r@ci.milpitas.ca.gov

http://www.ci.milpitas.ca.gov/citydept/Planning/recreation/childcareprogram.htm

Natamo sa isang kaloob mula sa California Department of Education/Child Development Division at sa International Child Resource Institute.
Salin sa ibang wika gawa ng International Contact, Inc

The Milpitas Alliance for Better Child Care

(Ang Alyansa ng Milpitas para sa Mas Mabuting Pag-aalaga ng mga Bata)

Ang Milpitas Alliance for Better Child Care

(Alyansa ng Milpitas para sa Mas Mabuting Pag-aalaga ng mga Bata) ay isang lokal na grupo ng mga tagakaloob ng pampamilyang pag-aalaga ng mga bata na nakatalaga sa pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap para masuportahan ang isa't-isa at ang mga bata at pamilya na aming inaalagaan. Hindi kami naniningil ng mga butaw at ang aming mga pulong ay bukas sa lahat ng mga nasa o malapit sa Milpitas, California, na may interes sa pampamilyang pag-aalaga ng mga bata, lalo na ang mga tagakaloob ng pampamilyang pag-aalaga ng mga bata na kasalukuyang lisensiyado, mga dating lisensiyado, mga maaa-ring maging taga-alaga, mga katulong sa pag-aalaga at mga kamag-anak ng mga taga-alaga.

Talaan ng mga Pulong

Karaniwan kami'y nagpupulong sa pangalawang Martes ng buwan mula 7:00 – 8:30 ng gabi sa Milpitas Community Center, 457 East Calaveras Boulevard, sa likod ng Milpitas City Hall o sa bahay ng isang tagakaloob ng pampamilyang pag-aalaga ng mga bata.

Mangyaring tumawag sa (408) 586-3077 upang masigurado ang oras ng pulong para sa darating na buwan.

Mga Karaniwang Aktibidad sa Pulong

Sa aming mga pulong karaniwan mayroon kaming isang bisitang magsasalita, pagtatanghal o tanong na tatalakayin, gaya ng:

- Sangkatutak na Sining
- Pakikipagpalitan ng mga Impormasyon at mga Materyales
- 10 Nauunang Paglabag sa Lisensiya
- Salu-salo para sa Discovery Toys™
- Paglalaro sa Sensory Table – Lagpas sa Buhangin at Tubig
- Seminar tungkol sa mga Buwis para sa Pampamil-yang Pag-Aalaga ng mga Bata
- Paano Gumamit ng Pamatay Sunog (Fire Extinguisher)
- Pag-aalaga ng Iyong Sarili
- Panatilihing Malusog ang mga Batang Inaalagaan

- Magtanim ng Buto, Mag-usbong ng Isang Bumabasa
- Pagpapa-utang para sa Pag-aalaga ng mga Bata
- Ang Programang CARES Stipend
- Pagbabawas ng SIDS
- Mga Gawaing Pambuong-Katawan para sa mga Bata
- Pagpapahayag ng iyong Tahanan para sa Pampamilyang Pag-aalaga ng mga Bata
- Agham para sa mga Malalaking Bata
- Mga Mapagkukunan ng Impormasyon para sa mga Pamilya
- Paghahanda para sa Kindergarten

Interesado Ka Bang Maging Isang Lisensiyadong Tagakaloob ng Pampamilyang Pag-Aalaga ng mga Bata?

~ Heto ang ilang madadaling mga hakbang upang ikaw ay makapag-umpisa ~

1. Tumawag sa Milpitas Alliance for Better Child Care Staff Liaison, ang City of Milpitas Child Care Coordina-tor, sa (408) 586-3077 upang sumali sa aming mailing list, tumanggap ng pansariling pagtulong at masagot ang iyong mga tanong.
2. Bisitahin ang websayt ng Department of Social Services Community Care Licensing Division, Child Care Licensing sa http://ccld.ca.gov/PG411.htm kung saan maaari mong balik-aralan ang patakaran ng pagkuha ng lisensiya sa estado, alamin ang talaan ng klase ng mga pag-aangkop, isaliksik ang mga bayaran at marami pang iba! O tumawag sa aming San Jose District Office sa (408) 324-2148 at hilinging makipag-usap sa Duty Officer for Family Child Care.
3. Kung iniisip mong magbukas ng malaking tahanan para sa pampamilyang pag-aalaga ng mga bata, tumawag sa City of Milpitas Planning Division Hotline sa (408) 586-3279 para sa isang listahan ng mga pamantayan sa pagsasagawa.
4. Dumalo sa isang pulong ng Milpitas Alliance for Better Child Care upang makakilala ng iba pang mga taga-alaga sa iyong lugar at makilahok sa aksiyon!